Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan _____ Petsa _____ Marka ___/20

Pagpili ng angkop na pang-uri

Panuto: Isulat sa patlang ang pang-uri na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pang-uri sa kahon. Isang beses lamang maaaring gamitin ang bawat pang-uri.

a. masigla	e. ligtas	i. magaling	m. makinis	o. matanda
b. mabaho	f. madilim	j. matatag	n. maluwag	p. libre
c. kakila-kilabot	g. malungkot	k. malapit	ñ. magalang	q. masagana
d. mahaba	h. malikot	l. madali	ng. marumi	r. maramot

1. Mas _____ ang bahay na gawa sa bato kaysa sa kahoy.
2. _____ na sa panganib ang mga taong nakatira malapit sa bulkan.
3. Si Lea Salonga ay _____ na mang-aawit.
4. Labhan mo ang basahan na _____.
5. _____ ang balat ng sanggol.
6. _____ ba ang pagkain at inumin sa komperensya?
7. Natatakot akong dumaan sa _____ na kalye.
8. Mas _____ ang buhok ni Nicole kaysa kay Donna.
9. Masyadong _____ ang bata kaya madalas siyang masugatan.
10. _____ ang pagsusulit kung nag-aral ka nang mabuti.
11. _____ ang mga bata dahil malapit na ang Pasko.
12. Bumili ka ng yelo sa _____ na tindahan.
13. _____ na ang tatay ko kaya hindi na siya makabibiyahe nang malayo.
14. _____ ang basurang nakakalat sa kalye.
15. Ang batang nagsasabi ng *po* at *opo* ay _____.
16. _____ ang ani ng mga magsasaka ngayon taon.
17. Huwag kang _____. Bigyan mo si Mia ng kapirasong keyk.
18. Dahil pumayat si Juan, _____ na ang kanyang mga pantalon.
19. Mula nang umalis ang tatay niya, naging _____ si Carmina.
20. Natuklasan ng pulis ang lugar ng _____ na krimen.